



Ulat ng Kaalaman sa Pagsulong ng Mag-aaral sa Baitang TK

Ang mga mag-aaral ay tinatasa batay sa kanilang nagagawang mga kakayahan, pamaraan, at kaisipan sa antas na baitang na nakasaad sa mga pamantayang ipinatutupad ng California.

Ang mga marka sa baw't panahon ng pag-ulat ay nagpapahiwatig sa pagsulong ng mag-aaral tungo sa mga inaasahan.

Ang Magagawa sa English Language Arts

Pagbasa:

Panitikan

- Sa udyok at tulong, gumagamit ng karunungan sa mga elemento ng panitikian (mga tauhan, lugar, isa o higit na pangyayari), banghay ng pagsasalaysay (mga kuwento, mga tula), upang mag-isip, magsalita, at magsulat tungkol sa kahulugan ng talata.
- Sa pag-udyok at tulong, sumasali sa gawaing grupong pagbasa na may layunin at pag-unawa.

Talatang Nagbibigay-Kaalaman

- Sa udyok at tulong, gumagamit ng karunungan sa talata ng kaalamang katangiang (harapang balat, likod na balat) upang mag-isip, magsalita, at sumulat tungkol sa mga kuro-kuro at kaalaman sa mga talata.
- Sa pag-udyok at tulong sumasali sa mga gawaing grupong pagbasa na may layunin at pag-unawa.

Pagsulat: Mga Kuro-kuro, Mga Talatang Kaalaman/Pagpapaliwanag at mga Salaysay

- Gumagamit ng pagsasama ng pagguhit, pagdikta, at pagsamasama ng pang-unawa sa mga marka ng abakada upang ibahagi ang mga kuro-kuro at kaalaman sa mga tagapakinig.
- Sa gabay at tulong mula sa mga nakatatanda at kababata, linangin at palakasin ang pagsulat sa pagdagdag ng detalye sa mga larawan at/o pagsulat.

Pagsalita at Pakikinig

- Sa udyok at tulong, sumasali sa pagtutulongang pag-uusap upang magalugad at magkaroon ng kahulugan ang mga talata, kuro-kuro, at kaalaman sa isang magkakaibang pinangyayarihan at magkakaibang magkakasama.
- Uses language with increasing competence to describe familiar people, places, things and events.

Wika

- Gumagamit ng nararapat sa baitang na Pamantayang balarila sa English (nauunawaan ang pagkakaiba ng isang katanungan at komento), mga kaugalian (sumusulat ng isang letra o mga letra sa karamihang tinig katinig), at wika sa pag-aaral upang suportahan ang pagbasa, pagsulat, at pagbasa.

Batayan sa mga Kakayahan

- Angkop sa pag-unawa kung papaanong ang printa (mga pag-uugali sa paghawak-aklat, mga tungkulin ng printa at paglalarawan, mga ingay (ihiwalay ang pangunahing ingay, magbilang ng mga pantig ng mga salita), at wika (iparis ang karamihang tunog katinig sa mga letra, basahin at isulat ang ilang karaniwang madalas gamiting mga salita) sikaping magbasa ng kilalang binubuong talata ng tama at husay.
- **Mga Batayang Kakayahan - Spanish**
Angkop sa pang-unawa kung papaanong ipiniprinta (pag-uugali sa paghawak ng aklat, mga gamit ng printa at paglalarawan), mga tinig (pangunahing tinig, ilapat ang pantig sa mga salita), at wika (itugma ang tunog ng mga patinig at karamihan ng mga katinig sa simbolo ng letra, bumasa at sumulat ng karaniwang ginagamit na mga salita hal., la, mi, yo) sikaping magbasa ng kilalang binubuong talata ng tama at husay.

Ang Magagawa sa Mathematics

Pagbilang at Pinagbabatayan

- Bumibilang hanggang 30 ng tig-iisa.
- Bumibilang ng pasulong, pagbilang ng pangunahing numero, 0 – 9.
- Sumusulat ng mga numero 0 to 10.
- Pinagdurgotong ang pagbilang sa pinagbabatayan.
- Naghahambing ng mga bilang ng mga bagay (hanggang 5) ng isang grupo sa ibang grupo.
- Naghahambing ng dalawang numero sa pagitan ng 1 at 5.

Pagsasagawa at Kaisipang Algebraic

- Ginagamit ang pagdagdag at pagbawas sa mga bagay, pagguhit, tinig, at pagpaliwanag sa salita hanggang 10.
- Nilulutas ang problema sa pagdagdag at pagbawas (kabuuang hanggang 10) sa paggamit ng mga bagay.
- Binabaklas ang mga numerong mababa kaysa o kapareho ng 5..

Sukat at Datos

- Bumibilang at pinagbubukod ang mga bagay.

Geometry

- Naglalarawan ng mga bagay sa kapaligiran sa paggamit ng mga pangalan ng mga hugis.
- Tamang binibigyang pangalan ang mga hugis na isinasantabi ang kabuuan.
- Sinusuri at pinaghahambing ang hugis na may 2 at 3 sukat.
- Magmomodelo ng mga guhit sa mundo.

Ang 8 Pamantayan sa Kaugalian sa Mathematics

1. Gumawa ng may kabuluhang mga problema at sikaping lutasin ang mga ito.
2. Mangatuwiran ng tama at maayos.
3. Bumuo ng maaarig pag-usapan at suriin ang mga katuwiran ng iba.

4. Gumawa ng mga huwaran sa mathematic.
5. Gumamit ng mga sadyang karapatdapat na kagamitan.
6. Makinig nang husto.
7. Humanap at gawing gumamit ng balangkas.
8. Humanap at magpahiwatig ng tuwinang inuulit na katuwiran.

Ang Magagawa sa History/Social Science

- Simulang maunawaan na ang pagiging mabuting mamamayan ay kinabibilangan ng gawa sa maraming paraan.
- Kinikilala ang watawat ng America bilang isang mahalagang sagisag.
- Simulang maunawaan ang mga trabahong ginagawa ng mga tao at ang ilang tao at kaganapang ay nangyari sa nakaraan.
- Simulang maunawaan ang kaisipang parating at nakaraan, una, sumunod at huli.

Ang Magagawa sa Agham (Science)

Physical Sciences

- Nagmamasid at naglalarawan ng mga katangian ng magkakaibang mga bagay.

Life Sciences

- Nagmamasid at naglalarawan ng maraming karaniwang mga hayop.

Earth Sciences

- Nagmamasid at naglalarawan ng mga bagay na buhay (punong-kahoy).

Ang 8 Kaugalian sa Science at Engineering (na nabanghay sa Next Generation Science Standards) para sa bawâ't antas na baitang:

Asks questions (for science) and defines problems (for engineering).

1. Bumubuo at gumagamit ng mga huwaran.
2. Nagpaplano at nagsasagawa ng pagsisiyasat.
3. Sumusuri at nagbibigay-kahulugan sa datos.
4. Gumagamit ng kaisipang mathematics at nagkukuwenta.
5. Bumubuo ng mga paliwanag (sa agham) at bumabanghay ng mga kalutasan (sa engineering).
6. Sumasali sa mga pakikipagtalos sa mga katibayan.
7. Nangunguha, nagtatasa, at nakikipag-ugnayan sa mga kaalaman.

Ang Magagawa sa Visual and Performing Arts

Sayaw, Tugtog, Teatro, Sining sa Paningin

- Sayaw: Nagpapamalas ng maraming galaw.
- Tugtog: Umaawit at nagpapamalas ng indayog, indak, at liksi.
- Teatro: Gumagamit ng katawan, mukha, at boses upang ilarawan ang isang tauhan.
- Sining sa Paningin: Kinikilala ang guhit, kulay, hugis, at huwaran.

Ang Magagawa sa Physical Education

Kakayahang Paggalaw at mga Huwaran

- Nagpapamalas ng mga kakayahang liksi sa pagkilos o hindi pagkilos, (pagtakbo, paglukso, pag-ikot, pagyuko, atbp.) kabilang ang paggalaw sa parang na hindi nabubundol o nahuhulog.

Physical Fitness

- Ginagawa ang mahinay hanggang mabilis na mga gawain dalawa hanggang tatlong beses isang linggo na may tugtog at sayaw.
- Linilinang at pinanatili ang lakas sa katawan at kakayahang matiyagang sa paggamit ng gamit sa pag-akyat at mga simpleng laro.

Ang Magagawa sa Kalusugan

- Paglinang ng karunungan sa kalusugan sa pamamagitan: pagtanggap ng pansariling tungkulin sa panghabangbuhay na kalusugan; paggalang sa at pagtaguyod sa kalusugan ng kapuwa; ang pag-unawa sa proseso ng paglaki at pag-unlad; ibinigay na kaalaman ng paggamit sa mga kaalaman, produkto at paglilingkod na may kaugnayan sa kalusugan.

Para sa English Learners: Paglinang sa Wikang English (English Language Development - ELD)

- Umaasa ang mga English learners na magiging marunong sa wikang English. Ang mga mag-aaral ay inaasahang sumulong ng isang antas ng karunungan sa wikang English bawâ't taon. Ang mga antas ng karunungan sa wikang English ay nakasaad sa California ELD Standards.
- Ang Expected Overall Proficiency Level (OPL) ay tumutukoy sa pinakamababang inaasahan sa mag-aaral sa overall English language proficiency sa katapusan ng kasalukuyang taon, at batay sa unang antas ng karunungan sa wikang English ng mag-aaral sa pagpasok sa distrito.
- Isinulat na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa isinulat na pahayag ng mag-aaral (isinulat sa wika) – para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat.
- Binigkas na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa binigkas ng mag-aaral (pagsalita ng wika) – para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat.
- Ang pagsulong ay makikita sa paghahambing ng Isinulat at Binigkas na Pahayag para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat hanggang sa katapusan ng taong inaasahang OPL.